# *"Living in an Alter World:"* Pagsusuri sa Pagtatanghal ng Sarili at Pook-Pangkabuhayan ng mga Alter sa Mundo Ng X (Dating *Twitter*)


**Tracy Valerie E. Dumaraos**
De La Salle University
tracy_valerie_e_dumaraos@dlsu.edu.ph

**Ryan P. Reyes**
Polytechnic University of the Philippines
rpreyes@pup.edu.ph

**Leslie Anne L. Liwanag**
De La Salle University
leslie.liwanag@dlsu.edu.ph



## ABSTRAK

Ikalima sa pinakaginagamit na social media service sa Pilipinas ang X (dating Twitter) kung saan itinuturing na isa sa mga namamayagpag na birtwal na komunidad para sa LGBTQIA+ (Statista, 2022). Lingid sa kaalaman ng nakararami, nabuo ang mundo ng Alterverse sa X dahil sa tawag ng pangangailangan ng mga gay na kalalakihan upang malayang makapagpahayag ng mga sarili sa partikular na plataporma. Sa pamamagitan ng content analysis na naglalayong suriin ang mga espesipikong grupo tulad ng alters sa X bilang social media users, sinusuri ng papel na ito kung ano ang kasalukuyang estado ng mundo ng Alter matapos ang COVID-19. Napag-alaman nito na hindi lamang para sa mga gay na kalalakihan ang mundo ng alter dahil nahaluan na ito ng heterosekswal na content creators, na nagreresulta sa paglikha ng naiibang feature ng alter accounts. Lumabas sa pag-aaral na ito na self-expression ang pinakadahilan ng mga homosekswal na content creators sa pagkakaroon ng alter accounts, samantalang pagbibigay-serbisyo gamit ang sarili kapalit ng salapi ang pinakapakay ng mga heterosekswal na alter content creators.

Mula sa papel na ito, makikitang may parehas na presensya ng homosekswal at heterosekswal na content creators sa mundo ng Alterverse sa X, ngunit magkapareho man sila ng ginagawa ay iba ang kanilang hinahanap. Ang resulta ng pag-aaral ay maaaring gamitin sa mas malalim na pag-aaral sa buhay ng mga Alter.



**Mga Susing Salita:** alter, lgbtqia+, social media, sex industry, self-expression

## ABSTRACT

X (formerly Twitter) is among the top five most utilized social media services in the Philippines. It serves as one of the most prolific virtual communities for the LGBTQIA+ community (Statista, 2022). Unknown to many, the Alterverse community in X was created because of the need for many gay males to freely express themselves on a particular platform. Using content analysis with the intention of studying specific groups, such as the Alters of X as social media users, this paper probes the current state of the Alter world after COVID-19. It was discovered in the study that the alter world is not exclusive to gays because of the varied presence of heterosexual content creators, resulting in the design of alter accounts exhibiting a different feature. The study shows that self-expression is the primary reason homosexual content creators establish alter accounts, whereas providing service using oneself in exchange for financial gains is the primary aim of heterosexual alter content creators.

From this paper, it is evident that there is a presence of both homosexual and heterosexual content creators in the world of Alterverse in X. However, while both display similar actions, they differ in their goals. This result may be used in a deeper study on the lives of Alters.


**Keywords:** alter, LGBTQIA+, social media, sex industry, self-expression

## INTRODUKSYON

Para sa LGBTQIA+ Community, malaking pagsulong ang internet sa paghanap ng koneksiyon sa pakikipagkaibigan, pag-ibig, at relasyong sekswal. Bago umusbong ang internet, kadalasan sa bars at discoteka ang mga ito hinahanap ng komunidad. Naging uso rin sa Pilipinas ang mga sauna at bathhouses para mabigyan sila ng espasyong mailabas ang kanilang mga pantasya na hindi pinapahintulutan ng isang konserbatibong lipunan. Sinasabi ng mga konserbatibong politico na itong mga lugar daw ay “mga walang nakaliligtas na kabutihang asal at puro lamang bunga ng imoral at kasiyahan lamang na pamumuhay, at ang pagsasara ng mga ito lalo na sa panahong ng krisis ng AIDS ay ang pinakamainam na desisyon” (Newson, 2022). Pero ang kabaligtaran ang nangyari dahil mula sa mga negatibong perspektiba sa mga sauna at bathouses, ang mga ito ay naging espasyo ng LGBTQIA+ Community para magbigay edukasyon tungkol sa paggamit ng condoms at ligtas na pakikipagtalik. Kasalukuyang kilala ang mga lugar tulad ng Club Bath Philippines at Fahrenheit Cafe & Fitness Center bilang mga pribadong espasyo na nagbibigay lugar para makipagtalik kung nais ang mga indibidwal na nandito na nasa sapat na edad. “Membership only” ang mga establisiyamentong ito dahil sa kinauukulang mga batas ng bansa. Higit sa pagiging ligtas na espasyo para makipagtalik ang mga bakla,

ang Club Bath and Fahrenheit Café ay nagsasagawa rin ng mga adbokasiya sa wastong paggamit ng condoms at mas ligtas na pakikipagtalik.

Sa panahon na unang lumaganap ang sa paggamit ng internet, ang ligtas na espasyo ay lumipat sa Internet Relay Chat (IRC) at chat groups tulad ng Undernet #gayManila at mga M4M chat rooms. Ang hamon upang umayon sa mga dikta ng lipunan at estigma na pagiging kasariang minoridad ay ang nagdulot sa mga bakla para maghanap ng bagong ligtas na espasyo tulad ng internet upang maging lugar para makabuo muli ng mga koneksyon sa kabaro at kapwa. Ngunit, malaking epekto ito sa kalakalan ng bars dahil humina ang kanilang negosyo sapagkat mas mabilis at mas mainam ang paghanap ng koneksyon sa pakikipagkaibigan, pag-ibig, at relasyong sekswal sa internet chat groups. Aniya ni Thomas Sanders noong 2008, “M4M chat rooms have developed as one means by which gay men can pursue sexual autonomy insofar as they provide an accessible and convenient venue for interacting with other men seeking men. In effect, these technologies carve out of the dominant culture a uniquely diverse space that promotes exploration and expression for sexual minorities.” Ito ang isa sa ibinigay na dahilan bakit namatay ang gay Malate – ang tinaguriang tambayan ng mga bakla at ligtas na espasyo ng LGBTQIA+ community. Ang mga modernong komunikasyong pang teknolohiya ang nagdulot ng pagbabago sa ‘sexual cruising rituals’ ng mga bakla sa buong planeta (Baytan, 2015).

Ngayong dumating na ang panahon ng smartphones at dihitalisasyon, tilang nagkakaroon muli ng paglipat ng ligtas na espasyo. Sa pagpasok ng siglo 21, kumapit ang mga tao sa Social Networking Sites (SNSs) at Social Media Platforms tulad ng Facebook. LinkedIn, at Twitter (kilala sa bagong pangalang X). Naging uso rin ang smartphone applications (mas kilala bilang apps) para sa espesipikong komunidad tulad ng LGBTQIA+. Ang mga halimbawang apps ay Grindr, Blued, at Scruff. Pero naging uso rin ang paggamit ng mga pangkaraniwang social media platforms tulad ng Twitter o X at ginagawang espasyo ito sa paghahanap ng koneksyon.

Tinatayang may 85.16 milyong Pilipino na gumagamit ng internet sa Pilipinas at 84.45 milyon sa kanila ay gumagamit ng social media (Kemp, 2023). Mula sa datos na ito, 11.8 na milyong Pilipino ang gumagamit ng social media application na “X” (Statista, 2023). Ang X ay ikalima sa mga social media platforms na ginagamit sa Pilipinas (Statista, 2022) at binubuo ito ng populasyon ng 54.5% na kababaihan at 45.5% na kalalakihan. Katangi-tangi sa X ang mas mahigpit nitong age restriction na edad 13 pataas. Ayon sa kasalukuyang datos, 13.7% ng kabuuang datos ng mga gumagamit ng social media ang papasang konsyumer ng X sa Pilipinas (Kemp, 2023).

Ang X ay isang micro-blogging platform kung saan itinatampok ang mga balita, networking, at maikling mga content mula sa mga gumagamit ng platapormang ito (Gil, 2023). Isa ang mabilis na pagkonsumo ng content sa mga dahilan kung bakit pumatok ang X sa mga taong gumagamit ng internet, dahil sa pamamagitan ng 260 na salita lamang maaaring magpahayag ang isang content creator ng kanyang kwento, saloobin,

at komento. Nasusukat naman ang interaksyon ng X gamit ang “Like,” “Retweet, ” at “Comment” para sa pagpapahayag ng kanilang mga reaksyon tungkol sa nasabing post.

Sa Pilipinas, sikat na lugar ng pagtitipon ang X para sa mga komunidad na nabuo gamit ang internet. Kabilang sa mga komunidad na namamayagpag sa X ay ang LGBTQIA+ Community, fandoms, at online activists. Ngunit sa mundo ng maingay at makukulay na gawain online, ay kasabay nitong namamayagpag ang mundo ng “Alterverse.”

Ayon sa Alter Pilipinas (@alterpilipinas), “alters” ang tawag sa mga indibidwal na gumagamit ng ikalawang account bilang paraan upang makapagpahayag ng kanyang sariling sexual preferences at mga pantasya sa patagong paraan nang hindi inilalabas ang kanilang tunay na identidad (Nemes, 2021). Ang “Alterverse” ay pinaniniwalaan na sumibol dahil sa kakulangan ng privacy at kaligtasan ng mga closeted gay na makipag sex nang walang posibilidad na “ma-out.” Dahil sa pag-usbong ng mga social media platforms kagaya na lamang ng X, ay nakahanap ng isang ligtas na espasyo ang mga closeted na indibidwal na ito na magkaroon ng isang komunidad na tumatanggap sa kanilang pagkatao at nagpaparamdam sa kanila ang pagiging normal ng kanilang mga sexual desires at fantasy (Piamonte et. al,2020). Sa kasalukuyan, mas naging malawak ang bilang ng mga komunidad na naabot ng “Alterverse” sa X. Hindi na lamang ito nakukulong sa espasyo ng mga LGBTQIA+ Community, dahil mabilis rin umusbong at nakilala ang mga heterosekswal na “alters” na may libu-libong followers at mga parukyano mula sa iba’t ibang edad at kaligiran.

Ang Twitter Alters o mga indibidwal sa Alterverse ng X ay kadalasang lumilikha ng content habang hindi nagpapakita ng mukha o naka-mask sa buong oras ng kanilang social media content ngunit marami na rin sa kanila sa kasalukuyan ang nagsisimulang magpakita ng kanilang mukha dahil marahil tanggap na ang kanilang sekswalidad. Hindi tiyak ang eksaktong pagsimula at paglaganap ng Alterverse sa X ngunit kung susuriin ang petsa ng pagsali ng mga alters sa X ay matatantya ang simulain ng Alterverse. Dalawa sa mga tanyag na alters ay si @laguna_tripper na sumali ng Twitter sa taong 2013 at si @cubao_ibabaw na sumali naman ng Twitter sa taong 2011. Masasabi na ang pandemya noong 2020 at ang lockdowns bunga ng pandemya ay nagdulot sa mas pagdami ng mga indibidwal na pinipiling maging alter at ang pagtangkilik sa kanila.

May mga pananaliksik na nagbibigay-diin sa layunin ng iba’t ibang paggamit ng social media para sa sex workers, sex work organizations, at iba pang napagsasamantalahang pangkat. May isang pag-aaral na nagsasaad na maaaring maging kasangkapan ang social media bilang adbokasiya para sa komunidad ng sex workers (Al-Rawi at Zemenchik, 2022). Ipinahiwatig ng mga mananaliksik ang pakinabang at panganib sa sex workers sa paggamit ng social media sapagkat tila napupuntahan ng lahat ng sex workers ang online na espasyo.

Makikita ang kasalukuyang trend ngayon sa paggamit ng Twitter bilang transisyon at panghihikayat para magkaroon ng transaksiyon – ang pagbayad at pag-subscribe sa

kanilang pook-pangkabuhayan na matatagpuan sa online sites tulad ng OnlyFans, Just For Fans, at Telegram. Katulad ng Twitter, ito rin ang naging gawain sa website na Omegle bagamat nagsara itong website noong 2023. Sa pangkalahatan, nagdulot ng pagbabago sa pagtutuon ng sex workers sa kanilang mga kliyente ang pag-usbong ng social media.

Tatalakayin ang mga “alter” at “AlterVerse” gamit ang lente ng thrist trapping, kung saan nagpo-post ang indibidwal ng litrato o bidyo na kadalasan ay nasa anyo ng selfie para makakuha ng atensyon ng ibang tao o para maakit ang mga ito (Merriam Webster, 2023). Ang thirst trapping ay isang trend na ginagawa sa social media para sa pansariling ekspresyon ng mga tao, ngunit mula noong naging paraan ito upang humakot ng followers at interaksyon sa mga gumagamit ng iba’t ibang social media application ay naging parte ito ng marketing strategy ng mga influencers at baguhang personalidad upang makapagpasikat. Isa sa mga kaakibat na konsepto o terminolohiya ng thirst trapping ay ang sekswalisasyon. Ang sekswalisasyon ay nagaganap o nangyayari sa isang tao kapag nakukuha nila ang kanilang halaga o papel sa pamamagitan ng sekswal na appeal. Itinatampok dito ang pisikal at sekswal na kagandahan ng mga kababaihan at kalalakihan (Alcantara at Demetrio, 2022). Sekswalisasyon ang dahilan ng pag-usbong ng thirst trapping at social media ang naging pinakamalaki at maingay na plataporma nito.

**Rebyu ng mga Literatura**

May ilang mga mananaliksik na nagpahayag ng kahalagahan ng pag-unawa sa iba’t ibang aspekto ng alter accounts sa Twitter at ang mga implikasyon nito sa araling pagtatanghal, pampolitika, panlipunan, at pangkultural na ugnayan ng mga gumagamit nito.

Katulad sa isang pag-aaral ni Nevi Dwi Kirana at Farid Pribadi noong 2021 na pinamagatang “Dramaturgy Behind Twitter Alter Accounts,” natukoy na ang dahilan sa paggawa ng kani-kanilang alter accounts ay upang magkaroon ng isang lugar kung saan maipapakita nila ang bahagi ng kanilang sariling hindi nila naipapahayag sa totoong mundo. Maihahalintulad sa teorya ng dramaturgy kung saan nabubuo ang front stage sa alter sa pamamagitan ng pagbabahagi ng senswal na mga larawan at/o bidyo na may kaakit-akit na caption, samantalang nagmimistulang backstage ang pagkokonseptuwalisa at pagpili ng pananamit, “pagtatago” ng kanilang mga ari, at pagpapakita ng naaangkop na pagkilos sa publiko.

Sa pag-aaral ni Angela Mendoza na pinamagatang “Twitter Alter Accounts: Restricted Sexual Contents versus Prohibited Sexual Contents in the Philippine Cyberspace” noong 2022, ibinahagi na nakabatay ang pag-iral ng alter accounts sa polisiya ng Twitter na nakaayon sa California Consumer Protection Act at Budapest Convention on Cybercrime for Procedural Guidelines on Cyber Crime Contents kagaya ng prohibited sexual content. Gayong nauugnay ang alter accounts sa commercial sex na may karampatang parusa,

pinapayagan naman ito batay sa RA 10175 ng polisiya ng Twitter sensitive media sa kondisyong ito ay "konsenswal." Kaya nagagamit ang alter accounts sa online sexual content selling na tumatawid na rin sa aplikasyong Telegram.

Maaari ding ilantad na kung paano nagiging espasyo ang alter accounts para sa sekswal na ekspresyon, na nagtutulak sa komodipikasyon ng amatyur na pornograpiya. Sa pag-aaral na isinagawa ni Ruepert Cao na pinamagatan naman na "Amateur Porn in Filipino Twitter Alter Community: Affordances, Commodification, Ghettoization, and Gay Masculinity" noong 2021, tinukoy ang alter community bilang isang lugar na nagiging plataporma upang patunayan ng mga Pilipino ang kanilang pagkalalaki. Sa pamamagitan ng kwalitatibong pagsusuri, nilinaw din ang ghettoisasyon ng mga kontent sa mga espesipikong espasyo online. Nag-aambag ito upang maunawaan ang mga online na sekswal na marhinalisadong kultura at ang interseksyon sa identidad at komersyo.

Samantalang sa pag-aaral ni Ruepert Jiel Dionisio Cao na "Attention Economy, Neoliberalism, and Homonormative Masculinity in Amateur Gay Porn Circuits on Twitter: The Case of Manila and Hong Kong" sa taong 2023, sa pamamagitan ng pagsusuri sa Twitter posts at pakikipanayam sa mga amatyur gay porn producers sa Manila at Hong Kong, ipinamalas kung paanong nagiging pwersa ang mga ekonomikong insentibo sa pagpapakalat ng amataeur porn na kontent, na nagpapalakas sa mga naghaharing ideya ng maskulinidad at komodipikasyon ng mga katawang queer. Binigyang-diin ang tungkulin ng mga social media sa pagpapakalat ng normatibong pagbuo ng identidad at pagnanasa sa komunidad ng mga gay.

Sa pag-aaral ni Muhammad Faruq Bukhori noong Marso 2023 na may pamagat na "The Behavioral Phenomenon of Friend with Benefit of Alter Base @Fwbsmg On Twitter," sinabi na binuksan ng pagkakaroon ng mga alter account ang kultura ng "friends with benefit" o mas kilala bilang "FWB." Ayon sa pananaliksik, ang motibasyon ng mga alter account ay ang humanap ng FWB at pagkakaroon ng mas "unrestrained self-expression." Natagpuan rin ng pag-aaral ang mga code na ginagamit upang makahanap ng FWB katulad ng "M" para sa lalaki at "F" para sa babae, at pagsesend ng mga litrato na takip ang kanilang mukha ng stickers upang protektahan ang kanilang identidad sa publiko.

Habang sa pag-aaral nina Samuel Brando Piamonte, Mark Anthony Mujer Quintos, at Minami O. Iwayama na pinamagatang "Virtual Masquerade: Understanding the Role of Twitter's Alter Community in the Social and Sexual Engagements of Men Who Have Sex with Men" noong 2020, inimbestigahan sa pamamagitan ng pakikipanayam at nakikiugaling pagmamasid kung paano iniimpluwensiyahan ng Twitter alter community ang panlipunan at sekswal na interaksyon ng Men Who Have Sex with Men (MSM). Lumalabas na nagkakaroon ng espasyo ang mga MSM para masuri ang iba't ibang aspekto ng kanilang mga identidad, mas mapalapit ang kalooban, o makabuo ng mga ugnayan.

Isiniwalat sa pag-aaral ni John Angel Nevado Bautista na "The COVID-19 Pandemic and the Commodification of the Alter Community: A Virtual Ethnography" noong 2022 na ang alter community ay koleksyon ng karamihang gay na indibidwal na pare-parehas na nakikinabang sa libreng access sa content ng isa't isa, ngunit dahil mula noong nagkaroon ng pandemya ay umusbong ang pagkakaroon ng mga "exclusive-access" na para sa mga nais magbayad para makita ang pribadong mga content. Tinawag ang kalakalan na ito bilang komodipikasyon na bumuo naman ng tulay sa iba't ibang paraan upang gawing pribado ang mga bayad na content sa pamamagitan ng OnlyFans, Just For Fans, at mga password at code protected files katulad ng Google Drive. Isa pang nakalap na datos ng pag-aaral na ito ay ang pagbaba ng interes ng mga tao sa content na pinapalabas dahil sa pagdami ng creators na umusbong kaya naman nauso ang collaboration na pinapalabas nang libre o sa mas murang halaga sa kanilang mga konsyumer.

Sa isa pang pag-aaral ni Ruepert Cao na "Retweet for More": The Serialization of Porn on the Twitter Alter Community" noong 2022 ay tinalakay ang "serialization" o pagtransform ng mga content sa alter community bilang content na mas accessible sa lalong madaling panahon para sa mga sekswal na tension at pangangailangan, dahilan kung bakit mas nagiging marami ang interaksyon sa mga post ng alters kagaya na lamang ng mga litrato at maikling mga bidyo. Nakita sa resulta ng mga pag-aaral ang dahilan kung bakit nabuo ang alter community kung paano ito tumatawid sa iba't ibang mga aplikasyon, ngunit may kakulangan sa paliwanag kung paano tumatakbo ang kulturang ito sa mga aplikasyon at plataporma kagaya ng OnlyFans, Just For Fans, at Telegram. Dagdag pa rito, kailangan rin ng mas masusing pag-aaral tungkol sa kaibahan ng content ng mga homosekswal at heterosekswal na alters ngayon sa "X" na siyang bagong pangalan ng Twitter.

## METODOLOHIYA

Para sa pag-aaral na ito, pumili ng pitong (7) alters mula sa social media application na X. Sinimulan sa paghahanap sa alter accounts gamit ang hashtags na #alterworldph #alterpinoy #alterpinay na siya namang nagdala sa mga mananaliksik sa mga sikat na alter accounts mula sa alterworld. Kapansin-pansin na higit na mas maraming content na nasa alterworld mula sa mga kalalakihang gay. Lumabas lamang ang mga babaeng may alter account sa #alterpinay na malawakan talagang ginagamit ng alters upang mas madaling lumabas ang kanilang mga account at content kapag hinanap ang mga hashtag na nabanggit. Bukod sa hashtags, isang paraan rin upang makahanap ng alter accounts ay ang pagtingin sa following list ng mga kasalukuyang nahanap na account. Malaki ang koneksyon sa isa't isa ng mga alter, kaya naman kadalasan matatagpuan sa kanilang following ang mga nakikilala nila sa komunidad na ito. Sa pagpili ng alter accounts, sinigurado ang mga sumusunod: mayroong alters na homosekswal at heterosekswal, mayroong hindi bababa ng 10k followers, at mayroong kumpirmasyon na sila ay gumagawa ng content mula sa kanilang mga account.

**Listahan ng Alter Accounts:**

| Alter Account | Bilang ng Followers | Bilang ng Finollow | Account sa labas ng Twitter |
|---|---|---|---|
| @therealcerjay | 421.3k (verified) | 1.4k | **Just for Fans**<br>3,035 followers<br>2,290 likes<br>200 posts<br>245 photos<br>176 videos |
| @ellelucas92 | 133.4k | 1 | **Only Fans**<br>714 likes<br>66 videos |
| @marVin1242 | 90.3k | 1.4k | **Instagram**<br>2,554 Followers<br>1,551 Following<br>57 posts |
| @cel2274 | 45.6k | 619 | **Telegram**<br>**FB**<br>4.9k friends<br>2,526 followers |
| @Jeannec32144211 | 47.6k | 23 | **Telegram** |
| @Roselyn111111 | 45.6k | 2 | **Telegram** |
| @Nicole_000011 | 200.6k | 5 | **Telegram** |

Isa sa mga indikasyon na malawak ang engagement na nararating ng isang alter account ay ang verified badge nito. Isa sa pitong accounts na sinuri ay mayroon nito, isa itong tanda na kilala ng "X" ang komunidad at kultura ng "Alterverse," dahil madali ang proseso ng pagkuha ng verification badge pagdating sa content creators. Kabilang dito ang (0.5%) engagement requirement base sa bilang ng mentions at followers nila sa heograpikong rehiyon.

Makikita sa talahanayan ang username ng pitong (7) alter accounts na gagamitin sa pagsusuri ng alter accounts sa pananaliksik. Kung susuriin ang bilang ng followers sa bawat account, pinakamalaki sa lahat ang account ni @therealcerjay na may 421.3k followers at may verified badge ito sa kanyang profile, samantalang ang pinakamaliit na account naman sa pito ay ang kina @cel2274 at @rRoselyn111111 na parehong may 45.6k na followers. Hindi naman nakakita ng koneksyon sa bilang ng followers ang bilang ng taong finafollow ng mga alter, dahil iba't iba ang naging bilang ng kanilang listahan ng following.

Kabilang rin sa mga naobserbahan ng mga mananaliksik ang pagkakaroon ng mga plugged o linked profile sa bio o sa pinned tweet ng alters. Dito kadalasan nilang inilalagay ang username o link ng iba pa nilang social media accounts o kaya naman ay ang kanilang mga bayad na content na hindi matatagpuan sa X. Pinakamarami sa kanila ang gumagamit ng messaging application na Telegram. Ang Telegram ay isang messenger application na binibigyang kakayahan ang mga gumagamit nito na makapagpadala ng mensahe sa iba nang hindi nakikita ang kanilang mga numero sa telepono. Ginawa ang Telegram noong 2013 bilang alternatibong linya ng komunikasyon bukod sa WhatsApp kung saan maaaring makapagpadala ng mensahe gamit ang text, bidyo, voice notes, litrato, at iba pa. Kabilang rin sa mga kakaiba sa aplikasyon na ito ay binibigyang kakayahan nito ang mga gumagamit na magbura ng mga mensahe na kanilang ipinadala at kanilang natanggap sa loob ng nakatakdang oras (Roca, 2022). Sa madaling sabi, kaya ng Telegram na itago ang identidad ng mga gumagamit nito na siyang pinaka layunin ng mundo ng alter sa mga gumagamit nito. Kabilang rin sa mga platapormang kasama sa mga profile ay ang OnlyFans na nakita sa profile ni @ellelucas92.

Ang OnlyFans ay isang subscription-based na social media platform kung saan ang mga gumagamit nito ay maaaring magbahagi o magbayad para makakonsumo ng mga eksklusibong content mula sa content creators. Noong kasagsagan ng pandemya kung saan limitado ang mga trabaho at pagkukunan ng pera upang maitaguyod ang maraming indibidwal, OnlyFans ang naging katuwang ng sex workers upang patuloy na makapag hanap-buhay sa gitna ng pandemya. Kaya naman, isa ang OnlyFans sa mga platapormang nakapagpatibay ng karapatan at boses ng industriya ng sex at sex workers sa buong mundo (Espinoza, 2023).

Kasama rin sa nabanggit na plataporma sa internet ay ang Just For Fans na tinaguriang adult version ng Instagram. Ang Just For Fans ay kagaya ng Instagram kung saan nakakapagbahagi ang isang content creator ng kanyang mga litrato at bidyo, ngunit kagaya naman ng OnlyFans ay bayad ito. Sa demograpiko naman ng mga konsyumer, lamang sa kababaihang content creators ang OnlyFans kaya maraming kalalakihan ang narito, samantalang sa Just For Fans naman ay kagaya ito ng alterverse kung saan mas maraming mga content ang galing o para sa mga gay. Mayroon din naman na kababaihan at gender-neutral na content creators sa Just For Fans, ngunit hindi maipagkakaila ang mas malaking komunidad nito para sa gay na mga indibidwal.

**Thirst Trapping bilang Estilo ng Pagpapatikim ng Alter Accounts**

Sa thirst trap nagsisimula ang alter accounts na magkaroon ng followers at interaksyon sa kanilang mga account. Sa nagsisimulang accounts pa lamang kagaya nang kina @Jeannec32144211, @Roselyn111111, at @Nicole_000011, malinaw na nasa parte pa lamang sila ng kanilang marketing ng kanilang sariling accounts. Sa pagpaparami ng followers at interaksyon sa kanilang accounts, kapansin-pansin na ang kanilang mga

content na pinapalabas sa loob ng tatlong sunod-sunod na post ay ang kanilang mga thirst trap na sinasamahan nila ng kanilang mga tatak na captions upang makaakit ng mga taong bago pa lamang sa kanilang account na mag-follow, mag-like, mag-retweet, at mag-comment sa kanilang mga post upang mabigyan sila ng "patikim" na content mula sa mga bagong alter accounts na ito. Sa mga post na naobserbahan sa tatlong accounts na ito ay naglalaro lamang sa kanilang mga litrato sa anyo ng selfie ang kanilang mga pinapakita sa mga tao. Kadalasan, upang higit na magkaroon ng epekto ito sa tao ay litrato nila na kita ang kanilang cleavage ang kanilang pinopost. Samantalang sa mga account naman nila @therealcerjay, @ellelucas92, @marVin1242, at @cel2274 ay kapansin-pansin ang pagkakaiba-iba ng kanilang post na papatak sa ilalim ng kategorya ng thirst trap. Kay @ therealcerjay ay litrato ito ng kanyang sarili na walang suot na damit, ngunit gamit niya naman ang kanyang mga kamay upang takpan ang kanyang ari. Sa account naman ni @ ellelucas92, maikling bidyo ang mabenta niyang thirst trap sa kanyang followers. Marami ang naging reaksyon at engagement sa kanyang bidyo kung saan ipinapakita niya ang kanyang maskuladong pangangatawan. Hindi masyadong nakitaan ng thirst trap content si @marVin1242, dahil ang kanyang mga post ay teasers ng kanyang collaboration kasama ang ibang personalidad sa mundo ng alter. Ang account naman ni @cel2274 ay nakitaan ng thirst trap na nagsilbing teaser para sa isang collaboration kasama ang isang indibidwal mula sa alterverse.

**Kombinasyon ng mga Litrato at Bidyo**

Mula sa mga alter account na sinuri, apat (4) sa pito (7) ang nagpost ng kanilang mga bidyo. Naglalaro ang haba ng mga bidyo sa 10 segundo hanggang isa't kalahating minuto depende sa content nito. Kadalasan, ang mga bidyong nagsisilbi lamang na thirst trap katulad ng mga nakita kay @ellelucas92 ay hindi na hihigit pa ang haba sa 20 na segundo, samantalang ang mga bidyo naman na natagpuan sa account ni @marVin1242 na may habang 30 segundo hanggang dalawang (2) minuto ay matatawag nang "teaser." Sa pag-aaral na ito, lumalabas na ang anyo ng bidyo na ginagamit sa thirst trapping ay iba sa anyo ng bidyo na ginagamit sa X bilang teasers ng kanilang mga eksklusibong content na tumatawid sa ibang social media application o plataporma. Makikita rin ang mga bidyo sa anyo ng teaser sa account nila @therealcerjay at @cel2274. Samantala, hindi naman nakikita ang mga bidyo content sa mga kababaihan na alter na sina @Jeannec32144211, @Roselyn111111, at @Nicole_000011.

Nabanggit sa unang mga pangungusap ang pagiging dominante sa litrato ng mga post ng accounts nina @Jeannec32144211, @Roselyn111111, at @Nicole_000011. Base sa pagsusuring ginawa sa post ng alter accounts, malinaw na nakikisabay sa bilang ng interaksyon ang mga litrato ng mga kababaihan sa mga bidyo contents ng gay creators. Ito ay sa kadahilanang kayang magproseso ng isang tao ng isang imahe sa loob lamang 13 mili segundo. Gamit ang datos na ito, mapapatunayan na mas mabilis magkakaroon

ng reaksyon ang mga konsyumer sa isang imahe kaysa sa isang bidyo dahil mas mabilis itong iproseso ng utak (Fryman, 2017). Katotohanan man na mas epektibo ang bidyo sa pagkamit ng interaksyon gamit ang post, dahil sa higit na pinabilis na kultura ng X, ay nagiging magkasinghalaga lamang ang mga litrato at bidyo sa pagbebenta (Rana, 2023) pati ng sarili. Halimbawa na lamang nito ang litrato ni @Nicole_000011 na umani ng 1.1k likes at ng 30 segundo na collaboration teaser ni @marVin1242 na may 1k likes. Makikita sa bilang na ito na nakasasabay ang litratong thirst trap sa bidyo teaser na inilalabas ng content creators.

Pagdating naman sa kayarian o itsura ng litrato ay prayoridad ito ng content creators dahil sa kwaliti at kagandahan ng mga litrato at bidyo nakadepende kung mapapansin ang kanilang content o hindi. Kapansin-pansin sa alters ang kahalagahan nang pagkakaroon ng exposure ng kanilang katawan sa litrato. Halimbawa na lamang nito ang mga post ni @ellelucas92 at @therealcerjey na kapansin-pansin ang paggamit nila ng magandang ilaw at hindi maingay o magulo na background sa kanilang mga litrato o bidyo. Sa post naman ni @Nicole_000011, gumagamit siya ng flash ng camera sa dilim upang pinakanakikita ang kanyang mukha at katawan habang madilim naman ang kanyang paligid.

**Paglalaro sa Captions**

Dala ng limitasyon na mayroon ang X sa bawat post ng mga gumagamit nito, 260 na karakter lamang ang maaaring lamanin na caption ng isang post. Dahil dito, hindi uso sa X ang paggamit o paglalagay ng mahabang mga caption. Isa ito sa mga dahilan kung paanong mas napabilis ng X ang pagkonsumo ng datos ng mga tao na gumagamit nito. Para sa mga alter o content creators, isang malaking hamon na mapukaw ang atensyon ng mga konsyumer sa kanilang mga post, kaya naman kailangang magkaroon sila ng mga caption kung saan makikilala sila agad ng kanilang mga tagasubaybay at makakaakit rin ng bagong followers at kliyente sa kanilang mga account. Isa sa mga paraan ng pagkuha ng interaksyon ay ang ginagawa nina @Jeannec32144211, @Roselyn111111, at @ Nicole_000011 na teknik– "like for a prize." Isa itong sistema kung saan nakakahatak ito ng mga konsyumer dahil umiikot ito sa kultura ng "tikim." Halimbawa na lamang ng ginagamit na caption ni @Nicole_000011 na *"sa mga hindi pa nabibigyan ng panjakol pm na guys para mabigyan na kayo isa-isa"* kung saan hinikayat niya na magpadala ng mensahe sa kanya ang mga makakakita ng post kapalit ng pagpapadala niya rito ng litrato o bidyo na maaaring gamitin ng konsyumer para magparaos. Kagaya ni @Nicole_000011, may sariling bersyon naman ng caption o format ng caption si @marVin1242, habang wala namang sinusunod na caption sa mga post sina @therealcerjey at @ellelucas92.

Sa kabuuan ng pagtatala ng mga datos mula sa alter accounts sa X, natagpuan na may iba't ibang paraan ang mga alter account upang makilala sa mundo ng alter. Ang mga ito ay hindi nalalayo sa mga teknik na ginagamit ng pangkaraniwan na content creators

mula sa paggamit ng mga magagandang litrato, pagbabahagi ng mga bidyo sa paraan ng teasers, at pagkakaroon ng daloy o format sa paggawa ng captions upang maging mas kaakit-akit ang mga content na kanilang pinapalabas sa kanilang mga account. Sa mundo ng alter sa X, binubuhay ng sekswalisasyon at pagtanggap ng komunidad na namamalagi rito. Kaya naman nagkakaroon ng iba't ibang bersyon ng thirst trapping sa espasyo ng alter, upang maipinta ang kanilang mga sarili bilang katangi-tangi at mag-iwan ng tatak sa kanilang mga manonood upang lalong maging tagasubaybay sa kanilang mga content, bayad man o hindi.

Bagamat mayroong mga gumagamit ng sariling sistema sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng kanilang mga account, kapansin-pansin na ang mga alter na may malalaking accounts at sakop ay nawawalan na ng daloy na sinusundan sa kanilang mga post at branding dahil mas tinatangkilik ng tao ang mas awtentikong uri ng mga post kagaya ng mga selfie na ibinabahagi nila bilang update sa kanilang mga kasalukuyang ginagawa at paparating na collaborations, mga maikling bidyo bilang pahapyaw sa kanilang mga personal na buhay, at ang mga interaksyon sa kanilang mga kapwa alter para sa mga collaboration.

Napag alaman rin mula sa pag-aaral na ito ang nagaganap na pagtawid ng mga plataporma ng mga alter at konsyumer bukod sa X. Batay sa mga caption at linked accounts sa kanilang mga bio ay ipinagbibigay alam nila sa mga konsyumer na mayroong ibang paraan at pagkakataon na makasubaybay sa contents na eksklusibo lamang para sa mga nagbabayad. Dito pumapasok ang ang pagtawid ng mga tao sa iba't ibang social media platform katulad ng Telegram kung saan nakagagawa ng channels para sa mga magbabayad para sa VIP access sa kanilang contents at posibleng personal na booking sa mismong content creator, at OnlyFans at Just For Fans na mga plataporma onlayn na talagang ginawa para sa mga indibidwal na nais magkaroon ng income sa industriya bilang isang personal service provider.

Kung ikukumpara naman ang mga content ng mga tao mula sa LGBTQIA+ Community sa mga bagong usbong pa lamang na heterosekswal na content creators, masasabi na mas maraming content na inilalabas ang mga creator mula sa LGBTQIA+ Community kaysa sa mga heterosekswal na creators dahil kapansin-pansin na mas maingat sila sa pagbubulgar ng kanilang mga sarili sa X kaysa sa komunidad na talagang nagsimula at bumuo ng mundo ng alter. Pansin kadalasan sa mga content ng heterosekswal na content creators ang paggamit ng mga litrato bilang patikim, saka sila bibigyan ng ibang plataporma na siyang dadaluyan ng mga content katulad ng Telegram, habang ang mga content creator naman na mula sa LGBTQIA+ Community ay mas malaya sa pagpapahayag ng kanilang mga sekswal na pantasya at mga kailangan kaya mas marami ang nagkakaroon ng access sa kanilang mga content, maliban na lamang sa mga kailangan bayaran kagaya ng mga nilalagay nila sa OnlyFans, Just For Fans, at Telegram.

**Malayang Ekspresyon ng Sarili sa Alterverse**

Nakita sa mga content ng mga alter ang pagkakaroon ng kanilang sariling mga paraan upang dumami ang engagement sa kanilang mga content. Isa ang thirst trapping sa mga ginagawang paraan ng netizens upang lumitaw na mas nakaka-akit sa madla, at kung titignan sa mundo ng alter ay kapansin-pansin ang malaking bilang ng alters na gumagawa ng thirst trap. Ayon kay Chan noong 2023, hindi lamang komunidad ang naibibigay ng internet at social media sa mga LGBTQIA+ Community. Kasama sa mga benepisyong nakukuha nila sa paggamit ng internet ay ang pagkakaroon ng suporta at pagpapatibay ng kanilang pagkakakilanlan na siyang sinusugan ni Cao at iba pa noong 2021 kung saan sinabi nila na naging tulay ang X sa pagkakaroon ng espasyo ang queer community na nabuo sa sekswalidad at pagnanasa.

Matapos ang malawak pang paglalakbay sa mundo ng alter ay maaaring hatiin sa dalawa ang tema ng kanilang paraan upang gamitin ang platapormang X bilang lugar para sa kanilang malayang ekspresyon ng sarili: pagkakakilanlan ng kasarian o gender identity at pagpapahayag ng kasarian o gender expression. Ang gender identity ay ang pagkilala ng isang indibidwal sa kanilang sariling kasarian; kung sila man ay babae, lalaki, wala sa dalawa, parehas, o halo ng iba't ibang kasarian. Samantalang ang gender expression naman ay ang paraan ng isang tao na ipahayag ang kanyang kasarian. Umiikot ang mga paraan na ito sa pagkilala ng kanilang pangalan, pronouns, pananamit, istilo ng buhok, pag-uugali, boses, o kaya naman ay gamit ang kanilang mga katawan (Chan, 2023).

Ang gender expression, bagamat mas nakakapagpalaya ng mga tao sa pamamagitan ng pagkilala sa kanilang uri ng ekspresyon, ay hindi palaging tinatanggap ng lipunan, dahil mayroong mga paraan sa pagsasagawa nito ang hindi pa bukas sa mga tao mula sa iba't ibang pinanggalingan at kultura. Ito ang dahilan kung bakit naging mas matunog ang komunidad ng alter sa mga LGBTQIA+ Community, dahil dito ay mas mainit ang pagtanggap sa kanilang sariling mga pamamaraan ng pagpapahayag kahit sa mundo lamang ito ng internet nagagawa. Sa mundo ng alter, ang istilo ng pananamit, uri ng pakikipag-usap, at kanilang signature contents ay ginugunita at pinupuri, parokyano man ito o kapwa miyembro ng komunidad.

Makikita ang mga halimbawa ng alterverse bilang isang lugar para sa malayang ekspresyon ng sarili sa mga post at content nina @therealcerjay sa kanyang post bago maligo sa isang hotel, ni @ellelucas92 sa kanyang mirror pictures at bidyo habang ipinapakita ang kanyang maskuladong katawan, at kay @cel2274 sa kanyang collage na litrato habang kanyang ipinapakita ang kanyang iba't ibang underwear.

Bagamat malaya na itinuturing ang espasyo ng alter community mula sa mga tao sa totoong buhay sa lipunan, dahil nakapubliko kadalasan ang mga post ng mga alter, ay may posibilidad pa rin silang maging biktima ng diskriminasyon sa kanilang gender

expression na maaaring humantong sa pang-aapi, katatawanan, bullying, at iba pang mga pagsubok na maaaring humantong sa trauma (Chan, 2023).

**Alterverse bilang Pook Pangkabuhayan**

Habang natagpuan ng pag-aaral na nagsimula ang alter sa tawag ng pagkakaroon ng ligtas at bukas na espasyo para sa LGBTQIA+ Community, hindi maiiwasan ang panahon na papasukin ito ng iba't ibang tao mula sa iba't ibang pinanggalingan at interes dahil sa espasyong nabuo ng isang aktibong kalakalan sa pagitan ng content creators at mga parokyano. Ang Alterverse na nagsimula bilang plataporma ng ekspresyon ay nagkaroon na ng bagong gamit: pangkabuhayan. Lahat ng sinuring accounts sa X ay kumikita sa paggawa ng content, ngunit kapansin-pansin ang mga account nila @Jeannec32144211, @Roselyn111111, at @Nicole_000011, dahil sa kanilang naaalinsunod na paraan ng paglalabas ng content. Ang tatlong alter accounts na ito ay nakapokus sa pagmarket ng kanilang mga account sa labas ng X, kung saan ang kanilang ginagamit na pang- akit ay ang kanilang mga litratong walang mukha, ngunit kita ang nakakaakit na katawan, at mga larong may premyo na maikling content kapalit ng kanilang follow, like, at engagement sa kanilang mga account.

Hindi man naobserbahan sa mga account nina @Jeannec32144211, @ Roselyn111111, at @Nicole_000011 ang kanilang tunay na rason kung bakit nagsimula ng alter account sa X, isang nakikitang ebidensya ng mga mananaliksik ang pagkakagawa ng accounts noong panahon ng COVID- 19 pandemic kung saan maraming bansa, kabilang ang Pilipinas sa mga nakaranas ng matinding kahirapan at pangamba sa ekonomikong estado ng bawat mamamayan. Ayon sa pag-aaral ni Farley noong 2020 sa South Africa, kung hindi man suliranin ng mga tao ang kalusugan, maaaring mauna pa silang mamatay dulot ng kumakalam na tiyan. Maraming kababaihan ang napipilitang pumili sa dalawa: pagka-expose sa virus, o pagkagutom ng kanilang mga pamilya (Farley, 2020). Maihahambing ang mga account nila @Jeannec32144211, @Roselyn111111, at @Nicole_000011 sa ibang mga alter account sa Pilipinas na nabuo kasabay nila kung saan ispesipikong inilalagay ng iba ang kanilang mga pangangailangan sa kanilang bio kagaya ng "need funds for med school," "send money for Iphone 14," "want food," "need funds for school laptop."

Dahil rito, maituturing na pook-pangkabuhayan ang alterverse para sa mga heterosekswal na content creators sapagkat mas nakapokus sila sa pagkakaroon ng kita mula sa pagpopost ng kanilang mga larawan, bidyo, at iba pang mga content na lubhang nakaka-akit sa mga parokyanong nasa espasyo ng alterverse upang bumili ng content mula sa iba't ibang alter accounts. Hindi man direktang nangyayari ang transaksyon sa plataporma ng X, ay nagsisilbi rin itong tulay para sa mga konsyumer na naghahanap ng kanilang mga matitipuhang content.

## KONKLUSYON

Ang papel na ito ay tumutugon sa pangunahing suliranin na: Ano ang pangkalahatang estado ng Alter Community sa kasalukuyan? Ayon sa konsepto ni Benedict Anderson ng Imagined Communities ay napatunayan na ang LGBTQIA+ Community ay naging matagumpay sa kanilang hangarin na magkaroon ng isang lugar upang makalikha ng isang komunidad kung saan tinitignan bilang normal at kaaya-aya ang kanilang pansariling ekspresyon. Kaya naman kapansin-pansin sa mga nilalabas nilang content sa kanilang alter accounts ang pagkakaroon ng mas maraming variety ng content at mas malalaman na interaksyon kumpara sa mga heterosekswal na content creators sa X. Dahil sa bago pa lamang na pag-usbong ng mga heterosekswal na alters sa Alter Community, naobserbahan na mas limitado silang magpakita ng kanilang mga sarili sapagkat mas prioridad nila ang kumita ng pera gamit ang kanilang mga exclusive VIP channels.

Isa sa mga katangian ng kulturang popular ang pagiging transgresibo sa mga kategorya ng Alter bilang bahagi ng kulturang popular. Ibig sabihin, ito ay sumasakop sa malawak na partisipasyon ng iba’t ibang uri ng tao sa lipunan. Kapansin-pansin rin ang nagaganap na interaksyon ng kanilang followers sa comment section ng kanilang mga content. Matapos ang masinsinang pagsusuri sa mundo ng alter, mas maraming alter accounts na nagpopost ng kanilang mga content tuwing gabi dahil mas aktibo ang followers at parokyano nila sa mga oras na tapos na ang trabaho. Malinaw na ebidensiya ang pagyabong ng alter community sa tuwing gabi na siyang bakanteng oras ng mga nagtatrabaho sa umaga hanggang hapon. Sa pagbusisi ng mga profile ng followers ng mga alter account, makikita rin ang pagkakaiba ng quality ng kanilang mga litrato at bidyo sa pamamagitan ng mga teleponong kanilang ginagamit. Makikita sa ibang commenters ang model ng kanilang cellphones dahil sa kanilang mga thirst trap sa pamamagitan ng mirror selfies. Kapansin-pansin na ang alters ay gumagamit ng mga bagong model ng iPhone at mga camera na ginagamit pang-vlog, at ang kanilang followers ay gumagamit ng mga android phones kagaya ng Vivo, Real Me, Oppo, Infinix, at iba pa. Dahil dito, masasabi na ang kadalasang mga tumatangkilik sa mga alter ay ang lower hanggang middle class wage earners sapagkat mayroong mas maluwag na restriksyon sa content ang alters kaysa sa mga bayad na sex industry website kagaya ng OnlyFans, Pornhub, JustForFans, at iba pa.

Dahil sa pagkakaroon ng kalayaan at pagtanggap sa LGBTQIA+ Community sa mundo ng alter, higit na nakasentro ang kanilang mga content sa pagkuha o pagkamit ng kanilang mga pansariling pangangailangan, sekswal na pantasya, at higit sa lahat ay self-expression habang kumikita ng pera, samantala ang mga heterosekswal na mga alter naman ay masasabi na nakatuon sa pagbibigay ng kanilang serbisyo sa iba kapalit ng salapi na siyang nakatutulong sa kanilang mga pansariling kailangan sa buhay. Sa madaling sabi ay may parehas na presensya ng homosekswal at heterosekswal na content creators sa mundo ng alter sa X, ngunit magkapareho man sila ng ginagawa ay iba ang kanilang hinahanap na resulta mula rito.

Alinsunod sa konteksto ng teorya ni Erving Goffman (1956), ipinasilip ng pag-aaral na ito kung paano inihaharap ng alter content creators ang kanilang sarili sa mundo ng social media, partikular sa X (dating Twitter). Sa pamamagitan ng kanilang alter accounts, nasaksihan kung paano ginagamit ng homosekswal na creators ang platform bilang espasyo para sa malayang pagpapahayag ng sarili, habang ang mga heterosekswal na creators ay mas nakatuon sa komersyal na aspekto, kung saan ang pagbibigay-serbisyo kapalit ng salapi ang pangunahing layunin.

Ipinapakita ng pag-aaral na ito na ang social media alinsunod sa nabanggit ni Goffman, ay maaaring magsilbing pampublikong buhay (o front stage) kung saan ang mga user ay patuloy na nagtatanghal at nag-aayos ng kani-kanilang mga persona upang umangkop sa inaasahan ng kanilang audience. Ang alter accounts ay nagiging midyum kung saan maaaring ipahayag ng creators ang bahagi ng kanilang pagkatao na maaaring hindi nila kayang ipakita sa kanilang pribadong buhay (o back stage).

Sa pangkalahatan, ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahalagang kabatiran sa kung paano ang identidad at pagtatanghal ng sarili ay patuloy na binubuo at muling binubuo sa dihital na panahon. Ito ay nagpapatunay na ang mga platform tulad ng X ay hindi lamang mga espasyo para sa koneksyon at pakikipag-ugnayan, kundi pati na rin para sa pagtatanghal ng sarili, na umaayon o sumasalungat sa mga tradisyonal na kaugalian na dumedepende sa motibasyon ng user.

Maaaring gamitin ang resulta ng pag-aaral na ito sa mas malalim na pag-aaral sa buhay ng mga alter sa X. Dahil content analysis ang kinasangkapang metodo ng pagkalap ng datos, maaaring dalumatin ang penomenolohikal na aspekto ng mga alter sa kanilang mga karanasan bilang content creators matapos ang pandemya kung saan bukas na ulit ang mga serbisyong lumalabas na sa linya ng komunikasyon onlayn. Dagdag pa rito, mas maganda ring talakayin ang presensya ng mga alter sa kanilang iba't ibang social media accounts katulad ng Facebook, Instagram, Tiktok, at iba pa upang maikumpara ang pagkakaiba ng mundong kanilang ginagalawan at maipakita ang mga bagay na maipagkukumpara sa parehong mundo ng internet bilang isang indibidwal at bilang isang alter.

## SANGGUNIAN

Al-Rawi, A. & Zemenchik, K. (2022). Sex workers' lived experiences with COVID-19 on social media: A content analysis of Twitter posts. *JMIR Formative Research, 6(7):*e36268. https://doi.org/10.2196/preprints.36268

Alcantara, G. C. & Demeterio, F. A., III. (2022). Pinoy thirst trappers: Panimulang pagsipat at paglalarawan ng thirst trapping ng mga piling Filipinong YouTuber. *Plaridel, 19*(2), 151-185. https://doi.org/10.52518/2022-07alcdem

Bautista, J. A. N. (Feb. 2022). The COVID-19 Pandemic and the commodification of the Alter Community: A virtual ethnography. *ResearchGate*, www.researchgate.net/publication/358448305_The_COVID-19_Pandemic_and_the_Commodification_of_the_Alter_Community_A_Virtual_Ethnography

Bukhori, M. F. (March 2023). The behaviorial phenomenon of friend with benefit of Alter base @FWBSMG on TWITTER. *Jurnal Ilmiah Global Education*, 4 (1), 410–16. https://doi.org/10.55681/jige.v4i1.610

Baytan, R. (2015). The death of gay Malate: One-time gay capital of the Philippines. *Kyoto Review of Southeast Asian Studies*, Issue 18.

Cao, R. J. D. (January 2022 ). "Retweet for More": The serialization of porn on the Twitter Alter Community. *Global Storytelling Journal of Digital and Moving Images*, 1 (2). https://doi.org/10.3998/gs.1703

Cao, R. J. D. (Mar. 2021). Amateur porn in Filipino Twitter Alter Community: Affordances, commodification, ghettoization, and gay masculinity. *Media International Australia*, 179 (1), 52–65. https://doi.org/10.1177/1329878x211002845

Cao, R. J. D. (2023). Attention economy, neoliberalism, and homonormative masculinity in amateur gay porn circuits on Twitter: The case of Manila and Hong Kong. *International Journal of Communication,* 17, 2479–2497.

Chan, R. C. (2023). Benefits and risks of LGBT social media use for sexual and gender minority individuals: An investigation of psychosocial mechanisms of LGBT social media use and well-being. *Computers in Human Behavior*, *139*, 107531. https://doi.org/10.1016/j.chb.2022.107531

"Countries With Most X/Twitter Users 2023 | Statista." *Statista*, 13 Sept. 2023, www.statista.com/statistics/242606/number-of-active-twitter-users-in-selected-countries.

Espinoza, J. (7 June 2023). OnlyFans explained: What you need to know about the NSFW Site. *Complex.* www.complex.com/life/a/joshua-espinoza/what-is-onlyfans-explainer

Farley, M. (2020). Prostitution, the sex trade, and the COVID-19 Pandemic. *Logos*, 19(1). Retrieved from https://www.prostitutionresearch.com/wp-content/uploads/2020/07/Farley-Prostitution-Sex-Trade-COVID-19-pandemic.pdf

Fryman, O. (12 Apr. 2021). This is how quickly the brain processes images. *Syte | the World's #1 Product Discovery Platform for eCommerce*. www.syte.ai/blog/ecommerce-trends/this-is-how-quickly-the-brain-processes-images.

Gil, P. (26 July 2023). *What is X (Formerly Twitter)?* https://www.lifewire.com/what-exactly-is-twitter-2483331

Goffman, E. (1956). Presentation of self in everyday life. New York: Doubleday.

Istri, Anak Agung et al. (2023). "Self disclosure analysis of Alter account users on Twitter: A social media study." *Sinergi International Journal of Psychology.*

Kemp, S. (8 Feb. 2023). Digital 2023: The Philippines — DataReportal – Global Digital Insights. *DataReportal – Global Digital Insights*. www.datareportal.com/reports/digital-2023-philippines

Kirana, N. D., & Pribadi, F. (Sept. 2023). Dramaturgi di balik kehidupan akun Alter Twitter dramaturgy behind Twitter Alter accounts. *Jurnal ISIP*, 18 (1), 39–47. https://doi.org/10.36451/jisip.v18i1.65

Mendoza, A. (June 2022). Twitter Alter accounts: Restricted sexual contents versus prohibited sexual contents in the Philippine... *ResearchGate.* https://doi.org/10.13140/RG.2.2.34147.02087

"Most Used Social Media in the Philippines 2022 | Statista." *Statista*, 26 Sept. 2023, www.statista.com/statistics/1127983/philippines-leading-social-media-platforms.

Nemes, A. P., III. (21 Dec. 2021). Twitter Alterverse: Coping mechanism or prostitution? (Part 1 of 2). *SunStar Publishing Inc.* www.sunstar.com.ph/bacolod/lifestyle/twitter-alterverse-coping-mechanism-or-prostitution-part-1-of-2

Nemes, A. P., III. (10 Jan. 2022). Twitter Alterverse: Coping mechanism or prostitution? (Last of 2 parts). *SunStar Publishing Inc.* www.sunstar.com.ph/bacolod/lifestyle/twitter-alterverse-coping-mechanism-or-prostitution-last-of-2-parts

Newson, R. (23 Aug. 2022). A brief political — and personal — history of gay bathhouses. *Literary Hub.* www.lithub.com/a-brief-political-and-personal-history-of-gay-bathhouses/.

Piamonte, S. B. et al. (June 2020). Virtual masquerade: Understanding the role of Twitter's Alter community in the social and sexual engagements of men who have sex with men. *ResearchGate.* www.researchgate.net/publication/341867574_Virtual_Masquerade_Understanding_the_Role_of_Twitter's_Alter_Community_in_the_Social_and_Sexual_Engagements_of_Men_Who_Have_Sex_with_Men

Rana, M. (13 July 2023). *Social media: Videos vs. photos – which one is more engaging*. [Post]. LinkedIn. https://www.linkedin.com/pulse/social-media-videos-vs-photos-which-one-more-engaging-masud-rana

Roca, C. (8 Aug. 2022). What is Telegram and why is it so special? *The Power Business School.* www.thepowermba.com/en/blog/what-is-telegram-and-why-is-it-so-special

**Pagsusuri ng bilang ng mga interaksyon sa content:**

| Alter Account | Sekswal na Oryentasyon | Bilang ng Followers | Bilang ng Finollow | Account sa labas ng Twitter |
|---|---|---|---|---|
| @therealcerjay | Homosekswal | 421.3k (verified) | 1.4k | Just For Fans<br><br>3,035 followers<br>2,290 likes<br>200 posts<br>245 photos<br>176 videos |
| **Petsa ng Post** | **Post Description** | **Like** | **Comment** | **Retweet** |
| November 30, 2023 | Litrato niya ito na nasa bathtub ng isang hotel. Nakahubad ngunit hindi kita rito ang ibabang bahagi ng kanyang katawan. Sinabi rin sa caption na “the best Malaysia” | 134 | 0 | 1 |
| November 24, 2023 | Dalawang litrato ito sa shower na kita ang kanyang buong katawan na walang damit ngunit gamit niya ang kanyang kamay para takpan ang kanyang ari. | 1k | 17 | 67 |
| November 21, 2033 | 30 segundong bidyo ito na teaser ng isang content collaboration niya na ini-link ang buong video sa kanyang Just For Fans. | 1.2k | 320 | 5 |

| Alter Account | Sekswal na Oryentasyon | Bilang ng Followers | Bilang ng Finollow | Account sa labas ng Twitter |
|---|---|---|---|---|
| @ellelucas92 | Homosekswal | 133.4k | 1 | Only Fans<br>714 likes<br>66 videos |
| **Petsa ng Post** | **Post Description** | **Like** | **Comment** | **Retweet** |
| November 22, 2023 | 5 segundong bidyo ito ng kaniyang sarili na naka casual na kasuotan. Mirror video ito kaya't kita ang pagflex ng kanyang biceps. | 765 | 24 | 40 |
| September 19, 2023 | 10 segundong Mirror video sa isang public restroom. Wala siyang ibang suot kundi ang brief at nakikita ang pag fflex ng kanyang maskuladong katawan. | 1.9k | 18 | 233 |
| September 10, 2023 | Topless na litrato habang nakaupo sa sofa at naka flex ang kanyang maskuladong katawan. | 1.5k | 13 | 129 |

| Alter Account | Sekswal na Oryentasyon | Bilang ng Followers | Bilang ng Finollow | Account sa labas ng Twitter |
|---|---|---|---|---|
| @marVin1242 | Homosekswal | 90.3k | 1.4k | Instagram 2,554 Followers 1,551 Following 57 posts |
| **Petsa ng Post** | **Post Description** | **Like** | **Comment** | **Retweet** |
| November 29, 2023 | 1:15 minutes na video teaser ito ng collaboration content nila ng isa pang alter. Nilagay niya sa caption ang kanyang Telegram account at Gcash number para sa VIP access ng buong bidyo. | 872 | 2 | 323 |
| November 29, 2023 | 32 segundong video teaser ito ng collaboration content nila ng isa pang alter. Nilagay niya sa caption ang kanyang Telegram account at Gcash number para sa VIP access ng buong bidyo. | 1k | 1 | 334 |
| November 25, 2023 | 30 segundong video teaser ito ng kanyang sarili habang habang nagpaparaos. Nilagay niya sa caption ang kanyang Telegram account at Gcash number para sa VIP access ng buong bidyo. | 972 | 272 | 5 |

| Alter Account | Sekswal na Oryentasyon | Bilang ng Followers | Bilang ng Finollow | Account sa labas ng Twitter |
|---|---|---|---|---|
| @cel2274 | Homosekswal | 45.6k | 619 | Telegram<br>Facebook<br>4.9k friends<br>2,526 followers |
| **Petsa ng Post** | **Post Description** | **Like** | **Comment** | **Retweet** |
| November 30, 2023 | 30 segundong video teaser ito ng collaboration content nila ng isa pang alter. Nilagay niya sa caption ang kanyang Telegram account at rates para VIP access ng buong bidyo sa kanyang channel. | 47 | 0 | 13 |
| November 29, 2023 | Isang collage ito na may tatlong litrato na nakasuot siya ng ibat ibang bikini. Nilagay niya sa caption ang kanyang Telegram account at rates para VIP access ng channel niya. | 14 | 0 | 4 |
| November 29, 2023 | Apat na litrato ito kasama ang isa pang alter kung saan sinabi niya sa caption na magkaroon daw sila ng chill night. | 136 | 19 | 2 |

| Alter Account | Sekswal na Oryentasyon | Bilang ng Followers | Bilang ng Finollow | Account sa labas ng Twitter |
|---|---|---|---|---|
| @Jeannec32144211 | Heterosekswal | 47.6k | 23 | Telegram |
| **Petsa ng Post** | **Post Description** | **Like** | **Comment** | **Retweet** |
| November 28, 2023 | Isa itong selfie na kita ang kanyang cleavage ngunit tinakpan niya ang kanyang mukha gamit ang isang malaking emoji. Nilagay niya sa caption ang kanyang Telegram account para sa VIP access sa kanyang channel. | 61 | 0 | 1 |
| November 27, 2023 | Isa itong selfie na kita ang kanyang cleavage ngunit tinakpan niya ang kanyang mukha gamit ang isang malaking emoji. Nilagay niya sa caption ang kanyang Telegram account para sa VIP access sa kanyang channel. | 187 | 14 | 8 |
| November 27, 2023 | Isa itong selfie na kita ang kanyang cleavage ngunit tinakpan niya ang kanyang mukha gamit ang isang malaking emoji. Nilagay niya sa caption ang kanyang Telegram account para sa VIP access sa kanyang channel. | 196 | 20 | 7 |

| **Alter Account** | **Sekswal na Oryentasyon** | **Bilang ng Followers** | **Bilang ng Finollow** | **Account sa labas ng Twitter** |
|---|---|---|---|---|
| @Roselyn111111 | Heterosekswal | 45.6k | 2 | Telegram |
| **Petsa ng Post** | **Post Description** | **Like** | **Comment** | **Retweet** |
| November 29, 2023 | Isa itong selfie na kita ang kanyang mukha. Nilagay niya sa caption ang kanyang Telegram account para sa VIP access sa kanyang channel. Kapansin pansin sa caption ang interaktibong marketing nito “dm me kung libog ka” | 386 | 89 | 44 |
| November 28, 2023 | Isa itong half body na litrato na kita ang kanyang mukha. Nilagay niya sa caption ang kanyang Telegram account para sa VIP access sa kanyang channel. Kapansin pansin sa caption ang interaktibong marketing nito “dm me kung libog ka” | 251 | 15 | 24 |
| November 27, 2033 | Isa itong selfie na kita ang kanyang mukha. Nilagay niya sa caption ang kanyang Telegram account para sa VIP access sa kanyang channel. Kapansin pansin sa caption ang interaktibong marketing nito “dm me kung libog ka” | 786 | 80 | 154 |

| Alter Account | Sekswal na Oryentasyon | Bilang ng Followers | Bilang ng Finollow | Account sa labas ng Twitter |
|---|---|---|---|---|
| @Jeannec32144211 | Heterosekswal | 47.6k | 23 | Telegram |
| **Petsa ng Post** | **Post Description** | **Like** | **Comment** | **Retweet** |
| November 29, 2023 | Isa itong selfie na kita ang kanyang mukha. Nilagay niya sa caption ang kanyang Telegram account para sa VIP access sa kanyang channel. Kapansin pansin sa caption ang interaktibong marketing nito "sa mga hindi pa nabibigyan ng panjakol pm na guys para mabigyan na kayo isa isa" | 528 | 39 | 46 |
| November 28, 2023 | Isa itong selfie na kita ang kanyang mukha. Nilagay niya sa caption ang kanyang Telegram account para sa VIP access sa kanyang channel. Kapansin pansin sa caption ang interaktibong marketing nito "sa mga hindi pa nabibigyan ng panjakol pm na guys para mabigyan na kayo isa isa" | 1.1k | 67 | 99 |
| November 27, 2033 | Isa itong selfie na kita ang kanyang mukha. Nilagay niya sa caption ang kanyang Telegram account para sa VIP access sa kanyang channel. Kapansin pansin sa caption ang interaktibong marketing nito "sa mga hindi pa nabibigyan ng panjakol pm na guys para mabigyan na kayo isa isa" | 169 | 14 | 15 |

## ABOUT THE AUTHORS

**TRACY VALERIE E. DUMARAOS** is currently an undergraduate student of Bachelor of Arts in Philippine Studies Major in Filipino in Internet Studies at De La Salle University, Laguna Campus. She served as a Campus Legislator for the Laguna Campus Student Government of the said university. Recently, she was recognized as "SDGs Inspiring Ambassador" at the Asia Pacific Youth SDGs Summit 2024 held in Seoul, South Korea.

**RYAN PESIGAN REYES** finished his PhD in Southeast Asian Studies in Centro Escolar University. He has an MA in Filipino from Polytechnic University of the Philippines. He has both a BA in History from University of the Philippines – Diliman and a BA in Liberal Arts from Excelsior College in Albany, New York. In, 2017, he was the first Filipino Interpreter in the 65th Miss Universe Pageant held in the Philippines. He is currently an Associate Professor for Polytechnic University of the Philippines and an Oral/Writing Proficiency Tester for the American Council on the Teaching of Foreign Languages in Alexandria, Virginia.

**DR. LESLIE ANNE L. LIWANAG** is an Associate Professor of De La Salle University School of Innovation and Sustainability. At 26, she completed her doctor's degree in Philippine Studies (with a specialization in Language, Culture, and Media) at De La Salle University-Manila with a dissertation on the contributions of Isabelo de los Reyes to Philippine Studies. She served as the Managing Editor of the National Research Council of the Philippines (NRCP) Research Journal and the Project Manager of the Andrew Gonzalez Philippine Citation Index. She was a Visiting Research Professor at the Council for Research in Values and Philosophy, Catholic University of America, Washington, D.C. (2021 and 2023), Divinity School of Chung Chi College, Chinese University of Hong Kong (2024), and Digital Curriculum in Lived Theology and World Christianity, Overseas Ministries Study Center at Princeton Theological Seminary, Princeton University, USA (2024).